IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 12 December 2025, eISSN: 2799-0664

# Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng mga Piling Pampublikong Paaralan ng Alfonsolista, Ifugao

**FELISA M. ANICETO**
Ifugao State University-Potia Campus
aaron.aniceto16@gmail.com

*Abstrak* — Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wasto at angkop na paggamit ng mga salita bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman sa gramatika. Batay sa mga obserbasyon ng mga guro, napag-alaman na marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa tamang paggamit ng wika, partikular sa aspeto ng panggramatika. Dahil dito, isinagawa ang pananaliksik upang matukoy ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at makapagdisenyo ng interbensiyong materyal na makatutulong sa kanilang pag-unlad. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong-kwantitatibong disenyo upang makalap ang mga kinakailangang datos at impormasyon sa pamamagitan ng talatanungang pagsusulit. Ang mga respondente ay mga piling mag-aaral mula sa mga paaralan sa ilalim ng DepEd–Alfonso Lista, Ifugao, kabilang ang Potia National High School, Sta. Maria National High School, Namillangan National High School, at Eastern National High School. Sinuri ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng istatistikal na pagsusuri upang matukoy ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa bawat aspekto ng gramatika. Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa panggramatikang Filipino ay ang mga sumusunod: pagbuo ng pangungusap (76.66% – developing), ayos ng pangungusap (64.95% – beginning), wastong gamit ng salita (64.50% – beginning), pagpili ng wastong salita (58.34% – beginning), at kayarian ng pangungusap (33.22% – beginning). Natukoy din na ang mga karaniwang suliranin ng mga mag-aaral ay may kaugnayan sa pagbuo ng artikulo o sanaysay, kung saan nakakuha sila ng 10 puntos (pasado) sa nilalaman, 8 puntos (pasado) sa organisasyon, at 6 puntos (pasado) sa mekaniks. Bilang tugon sa mga natukoy na pangangailangan, ipinakilala ang modyul sa panggramatika bilang interbensiyong materyal na naglalaman ng mga aralin at gawaing nakatuon sa wastong paggamit ng salita, ayos, at kayarian ng pangungusap upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita at pagsusulat. Inirekomenda ng pag-aaral ang pagpapatuloy ng ganitong uri ng pananaliksik sa pamamagitan ng pre-test at post-test analysis upang masukat ang antas ng pag-unlad ng mga mag-aaral at maipakita ang kongkretong epekto ng interbensiyon sa kanilang kakayahang panggramatika.

***Mga Susing Salita — Panggramatikang Filipino, Kasanayan sa Wika, Gramatika, Interbensiyong Modyul. Kakayahan, Antas ng Kasanayan, Kayarian***

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksyon

Sa larangan ng lingguwistika, ang gramatika ay itinuturing na pundasyong batayan ng mahusay na paggamit ng wika. Ito ay binubuo ng hanay ng mga tuntuning pang-istruktura na sumasaklaw sa mga sugnay, pangungusap, pagbubuo ng salita, at wastong paggamit ng mga ito sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Mahalaga ang gramatika sa pagbibigay-kahulugan, pagbuo ng ideya, at pagpapahayag ng damdamin maging pasalita man o pasulat. Gayunman, sa kabila ng kahalagahang ito, nananatiling hamon sa maraming mag-aaral at guro ang wastong paggamit ng mga salita at tamang pagbubuo ng pangungusap sa wikang Filipino.

Ayon kay Wornyo (2016), ang pagtuturo ng gramatika ay isang pundamental na aspeto ng pagkatuto ng wika, sapagkat ito ang nagbibigay-hugis sa kakayahang makipagkomunikasyon nang malinaw at epektibo. Binanggit din nina Uibu at Liiver (2015) sa kanilang pag-aaral na "Students' Grammar Mistakes and Effective Teaching Strategies" na kinakailangang pagtuunan ng pansin ang mga pagkakamali ng mag-aaral sa paggamit ng wika upang makapagdisenyo ng mga estratehiyang magpapabuti sa kanilang kasanayang panggramatika. Ayon sa kanila, ang pagtuturo ng gramatika ay dapat nakabatay sa aktuwal na karanasan at pangangailangan ng mag-aaral, at hindi lamang sa teoretikal na aspeto ng wika.

Dagdag pa rito, ipinakita ng mga pag-aaral nina Sinka (2009) at Vardja (2008) na ang mga pagkakamali sa gramatika ay nag-uugat sa kakulangan ng pagkakaunawa sa estruktura ng wika, at maaari itong masolusyunan sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at paggamit ng mga inobatibong paraan ng pagtuturo. Sa pag-aaral naman ni Yadhi Nur Amin (2015), binigyang-diin na ang guro ay kailangang gumamit ng mga gawaing nakabatay sa aktuwal na kahinaan ng mag-aaral upang malinang ang kanilang kasanayan sa wika. Pinatotohanan din nina Affendi et al. (2017) na ang mga mag-aaral ay patuloy na nagkakaroon ng kahinaan sa gramatika kahit na sila ay nakapagtapos na, dahil sa kakulangan ng pagsasanay at sa impluwensya ng kapaligiran at teknolohiya.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga banyagang pag-aaral na ang gramatika ay hindi lamang dapat ituro bilang hanay ng tuntunin, kundi bilang dinamikong kasanayan na kailangang paunlarin sa pamamagitan ng aktibong paglahok, kontekstuwalisasyon, at masusing pagsasanay.

Sa konteksto ng Pilipinas, ipinakita sa pag-aaral ni Cruz (2021) na nananatiling hamon para sa mga guro ng Filipino ang pagpapahusay ng kanilang kakayahang gramatikal, sapagkat ito ay may direktang impluwensya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ni Dela Cruz (2019) na ang sistematikong pagsasanay sa gramatika ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan ng mga guro sa paggamit ng Filipino. Sa kabilang banda, tinukoy ni Alcarazen (2018) sa kaniyang pananaliksik hinggil sa pamamahala ng wika sa mga paaralan na ang epektibong pagpapatupad ng mga patakarang pangwika ay nakatutulong sa pagpapatibay ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Volume V, Issue 12 December 2025, eISSN: 2799-0664

Pinatotohanan din ni Gonzales (2018) na ang patuloy na pag-unlad ng pagsasanay sa gramatika ay mahalaga sa paghubog ng mga guro at mag-aaral na bihasa sa wika Sa ganitong konteksto, binigyang-diin ni Ilbay (2020) ang papel ng mga guro bilang tagapagtaguyod ng kaalaman sa gramatika, at na ang kanilang kasanayan ay may malaking impluwensya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon naman kay Martinez (2017), ang edukasyon ay may pangunahing papel sa paglinang ng kakayahang gramatikal, samantalang binigyang-pansin ni Santos (2020) ang epekto ng pagsasanay sa gramatika sa pagganap ng guro sa pagtuturo. Sa kabilang dako, iminungkahi ni Reyes (2019) ang paggamit ng mga makabagong pamamaraan at teknolohiya sa pagtuturo ng gramatika upang mas mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng malawak na ugnayan sa pagitan ng pagsasanay, pedagohiya, at kasanayang panggramatika, na siyang nagiging batayan sa pagbuo ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng wika sa bansa.

Sa mga pampublikong paaralan sa Alfonso Lista, Ifugao, kapansin-pansin na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa tamang paggamit ng gramatika sa wikang Filipino. Ipinapakita ng mga obserbasyon ng mga guro na ang mga mag-aaral ay madalas na nalilito sa paggamit ng wastong baybay, pagkakasunod-sunod ng mga salita, at tamang estruktura ng pangungusap. Bagaman may mga programa ang Department of Education (DepEd, 2016) para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino sa ilalim ng K–12 Curriculum Guide, nananatiling hamon ang aktuwal na aplikasyon nito sa mga liblib na lugar tulad ng Ifugao.

Ang mga natuklasan ng mga pag-aaral nina Lomibao, Luna, at Namaco (2016) at David (2017) ay nagpapakita na ang kakulangan ng kasanayan sa gramatika ay nagdudulot ng mababang antas ng pag-unawa sa mga aralin sa wika. Ayon sa kanila, kailangan ng mas pinahusay na interbensyon sa pagtuturo ng gramatika upang maisulong ang mas malalim na pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang ganitong kalagayan ay nagpapatunay na may pangangailangan para sa mga lokal na pananaliksik na susuri sa aktuwal na antas ng kakayahan sa gramatika ng mga mag-aaral at magmumungkahi ng mga konkretong hakbang para sa pagpapabuti nito.

Kung kaya't sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, umaasa ang mananaliksik na matulungan ang mga guro sa paggamit ng mga salita nang wasto at angkop at magiging kasangkapan ng mga guro upang mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-alam at pagkatuto ng gramatika, salita, at bokabularyo ng Filipino.na gagamitin sa pagsasanay sa larangan ng akademikong kahusayan. Sa kabila ng maraming pag-aaral hinggil sa gramatika, nananatiling hamon para sa mga mag-aaral ang malinaw at wastong paggamit nito sa pagsulat at pagsasalita. Higit pang pinalalala ng social media at iba't ibang salik ang kanilang kahinaan, na nagiging hadlang sa kanilang kumpiyansa at kakayahang magpahayag. Kaya't mahalaga ang isang pag-aaral na hindi lamang magtutuwid sa kamalian, kundi magbibigay-lakas at inspirasyon sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang gramatika at bokabularyo bilang sandata tungo sa mas mataas na akademikong tagumpay.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong ipakita ang pananaw ng mga guro maging ang mga mag-aaral sa kabisaan sa pagtamo ng pagkatuto gamit ang mga metodong online.

1. Ano ang lebel ng kakayahan ng Panggamatikang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa mga sumusunod na dimension:

    1.1. Pagpili ng wastong salita

    1.2. Wastong gamit ng salita

    1.3. Ayos ng pangungusap

    1.4. Kayarian ng pangungusap

    1.5. Pagbuo ng pangungusap

2. Ano ang mga karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino sa pagbuo ng isang artikulo?

3. Anong Interbensyong materyal ang bubuoin upang mapag-ibayo pa ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral?

## II. Methodology

**Metodo/Desinyo**

Ang ginamit ay deskriptibong kwantitatibong metodo sa pagkuha ng mga datos, random sampling para sa pagpili ng mga respondente ng pananaliksik.

**Lokasyon at Populasyon ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga piling pampublikong paaralan ng DepEd sa kadahilanang mababa ang performans ng mga mag-aaral sa grammar. Ayon sa isinagawang panayam sa mga guro ng Filipino karamihan sa mga mag-aaral na nasa grade 7 patunay sa mga pagsasanay sa pagsulat ng sanaysay, artikulo at komposisiyon.

**Respondente**

Ang simple random sampling ang ginamit sa pagpili ng mga respondente. Ito ay kinabibilangan ng mga napiling mga mag-aaral sa pampublikong paaralan ng DepEd na nasa limampu (50) na bilang mula sa grade 7. Ang mga napiling paaralan ay ang mga sumusunod: Potia National High School, Sta Maria National High School, Namillangan National High School at Eastern National High School. At ang ikalawang pangkat ng respondente ay mga guro na susuri at magbibigay ng balidasyon sa inihandang interbensiyong material batay sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

isinagawang pananaliksik.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang mananaliksik ay naghanda ng pagsusulit sa mga respondente. Pagkatapos na maihanda ang talatanungan sa pagsusulit ay gagawa ng liham pahintulot sa mga punong guro sa napiling pampublikong paaralan ng Alfonso, Lista bago ibigay sa mga mag-aaral ang pagsusulit. Ang Panukat sa Gramatikal na Kahusayan ay dumaan sa masusing beripikasyon upang matiyak ang katumpakan, kaugnayan, at pagkakatugma nito sa K–12 Curriculum Guide ng DepEd (2016). Sinuri ito ng mga guro sa Filipino batay sa bisa ng nilalaman, kalinawan at pagkakabuo, pagkakatugma sa pamantayan ng K–12, at pangkalahatang pagtataya. Gumamit ng apat na antas ng iskala mula Lubos na Hindi Sumasang-ayon (1) hanggang Lubos na Sumasang-ayon (4) sa pagtataya. Ang mga mungkahi at puna ng mga tagapagpatibay ay ginamit sa pagrebisa ng instrumento upang higit na mapahusay ang nilalaman at anyo nito. Ang mga iskor ay binigyang-kahulugan batay sa itinakdang saklaw upang matukoy ang antas ng bisa. Matapos ang rebisyon, isinailalim ang kasangkapan sa pilot testing upang mapagtibay ang pagiging maaasahan at konsistensi ng resulta. Sa kabuuan, layunin ng proseso na makabuo ng isang balido at maaasahan na panukat sa gramatikal na kahusayan ng mga mag-aaral.

**Instrumento sa Pangangalap ng Datos**

Ang mga datos na nakalap sa pamamagitan ng pagsusulit (test) ay hinimay at ginawan ng talahanayan upang magawan ng interpretasyon upang higit na maanalisa ang mga datos.

**Pagsusuri at Estatistikang Pagpapakahulugan sa mga Datos**

Ang estadistikang pamamaraan sa pagpapakahulugan sa mga datos ay mahalaga sa pananaliksik dahil ang paggamit ng wastong pamamaraan ay makapagbibigay ng matibay na kongklusyon at paglalahat.

Ang pagbuo ng materyal para sa interbensyon ay isinagawa sa pamamagitan ng maayos at sistematikong proseso upang matiyak ang bisa, kawastuhan, at pagkakatugma nito sa pamantayan ng DepEd K–12. Ang Panukat sa Gramatikal na Kahusayan ay binuo batay sa mga kasanayang pangwika mula sa K–12 Basic Education Curriculum Guide for English. Sinuri ito ng mga eksperto sa wika at kurikulum upang masiguro na ang mga aytem ay malinaw, angkop sa antas ng mag-aaral, at tumutugon sa mga layunin ng kurikulum. Ginamit sa pagbuo ng materyal ang K–12 Curriculum Framework bilang gabay sa pagpapalakas ng komunikatibong at gramatikal na kasanayan. Sa kabuuan, ang proseso ay nakabatay sa akademikong katumpakan at layuning mapaunlad ang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral.

Ang gagamitin ay ang iba't-ibang uri ng istatistiko tulad ng Pagbabahagdan (Percentage), Weighted Mean (x), Frequency, at Likert Scale.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## III. Results and Discussion

**I. Ang lebel ng kakayahan ng pangggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa mga sumusunod na dimension:**


1.1 Pagpili ng wastong salita

1.2 Wastong gamit ng salita

1.3 Ayos ng pangungusap

1.4 Kayarian ng pangungusap

1.5 Pagbuo ng pangungusap




Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng lebel ng kakayahan sa panggramatikang filipino ng mga mag-aaral na nasa Grade 7.

| Panggramatikang Filipino | | Level of proficiency | RANG GO |
|---|---|---|---|
| 1. Pagpili ng Wastong salita | 58.34 | BEGINNING | 4 |
| 2. Wastong gamit ng mga salita | 64.50 | BEGINNING | 3 |
| 3. Ayos ng pangungusap | 64.95 | BEGINNING | 2 |
| 4. Kayarian ng pangungusap | 33.22 | BEGINNING | 5 |
| 5. Pagbuo ng pangungusap | 76.66 | DEVELOPING | 1 |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Batay sa nakalap na mga datos makikita sa talahanayan na ang nangunguna ay ang pagbuo ng pangungusap na may kabuuang 76.66 na porsyento at ito ay developing kung titingnan sa antas ng kasanayan (level of proficiency). Sumunod naman dito ay ang ayos ng pangungusap na may kabuuang 64.95 na porsyento at ito rin ay nasa beginning na antas ng kasanayan (level of proficiency). Pangatlo naman ay ang wastong gamit ng salita na may kabuuang 64.50 na nasa beginning sa antas ng kasanayan (level of proficiency). Ang pang-apat ay ang pagpili ng wastong salita na may 58.34 na kabuuan at nasa beginning sa antas ng kasanayan (level of proficiency). Panghuli any ang kayarian ng pangungusap na may kabuuang 33.22 na porsyento at ito rin ay nasa beginning na antas ng kasanayan (level of proficiency).

Ang level of proficiency ng mga mag-aaral sa kanilang performance sa panggramatika sa Filipino sa pagbuo ng pangungusap nasa antas ng kasanayang "developing", na nangangahulugang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa yugto pa ng pagpapaunlad ng kakayahan sa paglikha ng maayos na pangungusap. Implikasyon nito ay ang pangangailangan para sa mas masusing pagtuturo ng mga estratehiyang gramatikal at estruktural sa pangungusap upang ito ay mapataas sa antas ng "proficient." At sa ayos ng pangungusap, wastong gamit ng salita, pagpili ng wastong salita, at kayarian ng pangungusap ay pawang nasa antas ng "beginning," na nagpapahiwatig ng limitadong kaalaman ng mga mag-aaral sa mga pundamental na aspekto ng gramatika. Dito'y makikita ang kahinaan sa mga batayang kasanayan na kailangang tugunan sa pamamagitan ng istratehikong pagtuturo, at mas pinagyayamang pagsasanay sa pagsusulat.

Ayon sa pananaliksik nina Lomibao, Luna, at Namoco (2016) na pinamagatang "Enhancing students' academic performance in sentence construction through peer tutoring strategy", lumalabas na ang mga mag-aaral sa sekundarya ay may kahinaan sa pagbuo ng tamang kayarian ng pangungusap. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang mga estudyanteng sumailalim sa intervention programs ay nagpakita ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayang gramatikal, patunay na may positibong epekto ang mga suportang pedagogikal sa larangan ng pagsusulat.

Samantala, sa pag-aaral ni Orlanda-Ventayen at Ventayen (2017) na may pamagat na "A Review of Usage of Mother Tongue-Based Instruction and Its Effect on the Literacy of Learners", nabanggit na isa sa mga hamon ng mga guro sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo ay ang kahinaan ng mga mag-aaral sa tamang gamit at kayarian ng pangungusap. Ayon pa sa kanila, makatutulong ang paggamit ng contextual and culture-based materials upang mas maging epektibo ang pagkatuto ng gramatika.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**II. Ang mga karaniwang kahirapan ng mga mag-aaral sa gramatikang filipino sa pagbuo ng isang artikulo.**

| | Average Points | Description | Remarks |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 10 | Angkop ang mga ideyang ipinahayag at malinaw ang pag-uugnay ng ideya tungo sa teksto. Hindi maligoy. | Pasado |
| Organization | 8 | Maiksi subalit malaman. | Pasado |
| Mekaniks | 6 | Wasto ang paggamit ng mga bantas ngunit may kamalian sa aspetong panggramatika. | Pasado |
| Kabuuan | 23 | | Pasado |

Makikita sa talahanayan na nasa itaas ang resulta ng pagbuo ng isang sanaysay nakapaloob dito ang nilalaman na ang average points na nakuha ay 10 points na may description na Angkop ang mga ideyang ipinahayag at malinaw ang pag-uugnay ng ideya tungo sa teksto. Hindi maligoy at ang remaks nito ay pasado. Organisasyon naman ay may 8 average points na may descrpsyon na Maiksi subalit malaman at ang remarks nito ay pasado. At ang panghuli ay mekaniks na may 6 average points na ang descripsyon ay Wasto ang paggamit ng mga bansta ngunit may kamalian sa aspetong panggramatika at ang remarks nito ay pasado. Ang kabuuan ay sumatotal na 23 average points.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na may sapat na kakayahan ang mga mag-aaral sa paglalatag ng ideya (nilalaman) at pagsasaayos ng daloy ng diskurso (organisasyon), subalit makikita ang kahinaan sa mekaniks, partikular sa aspeto ng gramatika, na nagdudulot pa rin ng bahagyang kahinaan sa teknikal na aspeto ng pagsulat.

Ipinapakita ng resulta ng pag-aaral na may malinaw na pag-unlad ang mga mag-aaral sa aspeto ng nilalaman at organisasyon ng sanaysay, na nangangahulugang nauunawaan nila ang pangunahing layunin ng pagsulat—ang malinaw na pagpapahayag at lohikal na daloy ng ideya. Patunay ito na naisasabuhay nila ang mga kasanayang kritikal at analitikal sa pagbuo ng teksto. Gayunpaman, kapansin-pansin ang kakulangan sa aspeto ng mekaniks, tulad ng gramatika, bantas, at baybay, na siyang pundasyon ng teknikal na katumpakan sa pagsulat, sapagkat nakakuha lamang ito ng 6 puntos. Bagaman ang kabuuang marka ay umabot sa 23 puntos at may remarks na "pasado," ipinahihiwatig nito na nakaaabot lamang ang mga mag-aaral sa minimum na pamantayan at may malaking pangangailangan pa para sa pagpapahusay, lalo na sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

estruktura ng wika upang maging mas epektibo at mahusay ang kanilang pagsulat.

Ang datos mula sa iyong pag-aaral ay nagpapakita na may pundasyon na ang mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng pag-iisip (analyzing at organizing), ngunit dapat pang paigtingin ang kasanayan sa teknikal na pagsulat, partikular sa gramatika. Kung hindi ito matutugunan, maaaring makaapekto ito sa pangkalahatang akademikong performance sa mga kursong nangangailangan ng mahusay na kasanayan sa pagsulat

Ayon sa pananaliksik nina Alonzo at Laguador (2019) na pinamagatang "Writing Competency and Performance of Senior High School Students in Essay Writing", lumitaw sa kanilang pagsusuri na karamihan sa mga mag-aaral ay may sapat na kakayahan sa pagpapahayag ng ideya at pagkakaugnay-ugnay ng nilalaman, subalit kulang sa gramatikal na katumpakan at wastong gamit ng mekaniks tulad ng bantas at baybay. Sinuportahan nito ang pahayag na ang nilalaman at organisasyon ng mga sanaysay ay karaniwang mas mataas kaysa sa mekaniks.

Sa pag-aaral ni David (2017) na may pamagat na "Assessing Grammar and Mechanics in Filipino Students' Written Outputs", ipinahayag na ang kahinaan sa mekaniks ay may direktang epekto sa kalinawan ng mensahe. Iminumungkahi sa kanyang pag-aaral na kahit mataas ang nilalaman at organisasyon, kung mababa ang mekaniks ay bumababa rin ang pangkalahatang kalidad ng teksto. Bahagyang sumasalungat ito sa pahayag na "pasado" pa rin ang mag-aaral, sa kabila ng kakulangan sa aspeto ng gramatika.

Batay sa resulta, ang "Pagbuo ng Pangungusap" ang may pinakamataas na antas ng mastery (76.66 – Developing), na nagpapakitang may kakayahan na ang mga mag-aaral sa mas komplikadong aspeto ng gramatika. Gayunman, ipinahihiwatig nito na kailangang pagtibayin pa ang mga pundamental na kasanayang gramatikal tulad ng wastong gamit ng bahagi ng pananalita at ugnayan ng mga sugnay.

Dahil dito, ang module ay binuo upang maging tugon sa mga natukoy na pangangailangan, partikular sa pagpapalalim ng mga kasanayang may mababang mastery at sa pagpapayaman ng kakayahan sa pagbuo ng pangungusap. Layunin nitong maging gabay sa mga guro sa paggamit ng contextualized grammar instruction na nakaangkla sa kultura at wika ng mga mag-aaral sa Ifugao, upang higit na mapaunlad ang kanilang kabuuang kahusayan sa gramatika.

**III. Ang Interbensyong materyal ang bubuoin upang mapag-ibayo pa ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral.**

Ang Interbensyong materyal ang bubuoin upang mapag-ibayo pa ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ay ang modyul sa panggramatika. Ito ay isang sistematikong

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

paraan ng pagtuturo na nakatuon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa gramatika ng mga mag-aaral. Ang modyul ay binubuo ng pambalarilang gramatika na nakatuon sa mga sumusunod: Pagpili ng wastong salita, Wastong gamit ng salita, Ayos ng pangungusap, at Kayarian ng pangungusap. May gawain o aktibidad sa bawat aralin na may layuning tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan at gamitin ng wasto ang mga patakaran ng gramatika sa kanilang pagsasalita at pagsusulat.

Ang mga modyul sa panggramatika ay naglalarawan ng isang makabago at epektibong paraan ng pagtuturo na naglalayong mapahusay ang kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng sistematikong pagtuturo at praktikal na mga aktibidad.

Isa sa mga kaugnay na pag-aaral na nagpapatibay sa epekto ng mga interbensyong materyal sa pagtuturo ng gramatika ay ang pag-aaral ni Ellis (2006) na nagpapakita kung paano nakaaapekto ang ganitong mga interbensyon sa pag-unlad ng kasanayan sa wika at gramatika ng mga mag-aaral sa iba't ibang konteksto ng pag-aaral.

Ang pagbuo ng module ay nagsisilbing unang hakbang sa pagpapabuti ng kakayahang gramatikal ng mga mag-aaral. Gayunman, upang maging mas epektibo at pangmatagalan ang resulta, kinakailangang sabayan ito ng kontekstuwalisadong pagtuturo, paggamit ng lokal na materyales, at patuloy na pagsasanay ng mga guro. Sa ganitong paraan, nagiging holistiko, makabuluhan, at naaayon sa pamantayan ng DepEd K–12 Curriculum ang paglinang ng kasanayang gramatikal.

Batay sa resulta ng pag-aaral, lumitaw na ang “Pagbuo ng Pangungusap,” na itinuturing na mas kumplikadong kasanayang gramatikal, ang may pinakamataas na antas ng mastery (76.66 – Developing). Ipinapakita nito na mas mahusay ang mga mag-aaral sa mga gawaing integratibo kung saan aktuwal nilang nagagamit ang wika, kaysa sa mga simpleng gawaing paalala o pagkilala ng tuntunin.

Ayon sa Bloom’s Taxonomy at Vygotsky’s Zone of Proximal Development, mas natututo ang mga mag-aaral kapag ginagamit nila ang kaalaman sa mas mataas na antas ng kognisyon at kapag nabibigyan ng tamang paggabay o scaffolding.

Ang resulta ay umaayon sa mga pag-aaral nina Abune (2019) at Quiñones (2022) na nagpapakita ng kahusayan ng kontekstuwalisado at interaktibong pagtuturo ng gramatika kumpara sa tradisyunal na pamamaraan.

Kaya’t ang module ay nakatuon hindi lamang sa pagpapabuti ng pagbuo ng pangungusap kundi sa pagpapatatag ng mga batayang kasanayang gramatikal sa pamamagitan ng kontekstuwalisadong pagtuturo, paggamit ng lokal na materyales, at patuloy na pagsasanay ng mga guro upang maging holistiko at epektibo ang paglinang sa kakayahang gramatikal ng

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

mga mag-aaral.

## IV. Konklusyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga sumusunod na konklusyon ay nakita:

1. Ang pinakamataas na kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap ay nasa antas ng "developing," habang ang ibang aspekto ng panggramatikang Filipino ay nananatili sa antas na "beginning," na nangangahulugang kailangang paunlarin pa ang mga batayang kasanayang gramatikal.

2. Ang mga mag-aaral ay may sapat na pag-unlad sa nilalaman at organisasyon ng sanaysay, ngunit nangangailangan pa ng pagpapahusay sa mekaniks, partikular sa gramatika, upang lubos na mapabuti ang kalidad ng kanilang pagsulat.

**3.** Ang interbensyong materyal na bubuuin ay isang modyul sa panggramatika na naglalayong paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpili at paggamit ng wastong salita, ayos at kayarian ng pangungusap sa pamamagitan ng mga makabuluhang gawain sa bawat aralin.

## V. Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at konklusyon, ang mga sumsusunod ay inirerekomenda:

1. Magsagawa ng masusing pagtutok sa mga batayang kasanayang gramatikal tulad ng kayarian, ayos ng pangungusap, at wastong gamit ng salita sa pamamagitan ng mga remedyal na klase at pagsasanay na nakatuon sa mga tiyak na kahinaan ng mga mag-aaral.

2. Isama sa kurikulum ang mga regular na gawaing pagsusulat na may gabay sa pagsasaayos ng gramatika at mekaniks, at magsagawa ng formative assessment upang matukoy agad ang mga kamalian at maagapan ang paulit-ulit na pagkakamali.

3. Ipagpatuloy at palawakin ang pagbuo ng modyul sa panggramatika na may malinaw na layunin, aralin, halimbawa, at interaktibong gawain; tiyaking ang nilalaman ay angkop sa antas ng mga mag-aaral at sumasagot sa kanilang partikular na pangangailangang lingguwistiko.

4. Magsagawa ng mas malalim na pagsusuri o follow-up study sa bisa ng modyul sa panggramatika bilang interbensyong materyal, gamit ang pre-test at post-test analysis upang masukat ang pag-unlad ng mga mag-aaral at maipakita ang kongkretong epekto ng interbensyon sa kanilang kasanayang panggramatika.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## Mga Sanggunian

[1] Abune, A. A. (2019). Effects of peer scaffolding on students' grammar proficiency development.
[2] International Journal of English Literature and Culture, 7(5), 105–120. https://doi.org/10.14662/IJELC2019.081
[3] Affendi, F., Jamian, A. R., & Othman, M. (2017). Students' weaknesses in grammar and language learning factors: An analysis. Malaysian Journal of Language Studies, 12(3), 45–58.
[4] Alcarazen, J. D. (2018). Pamamahala sa wika ng mga Filipino sa eskwelahan. Journal of Language Policy and Education, 12(1), 45–58.
[5] Amin, Y. N. (2015). Teaching grammar-in-context and its impact in minimizing students' grammatical errors. JEELS (Journal of English Education and Linguistics Studies), 2(2), 68–84. https://doi.org/10.30762/jeels.v2i2.97
[6] Cruz, R. (2021). Hamon at tukoy sa pagpapahusay ng gramatikang Filipino ng guro: Isang pagsusuri. Journal of Filipino Language and Education, 15(2), 66–79.
[7] David, F. R., & David, F. R. (2017). Strategic management: A competitive advantage approach, concepts and cases (16th ed.). Pearson Education Limited.
[8] David, M. (2017). Language proficiency and grammar competency of Filipino students: A basis for instructional enhancement. Philippine Educational Review, 40(2), 90–104.
[9] Dela Cruz, J. (2019). Epekto ng pagsasanay sa gramatika sa kakayahan ng mga guro sa Filipino: Isang pagsusuri. Journal of Philippine Education, 45(2), 78–91.
[10] Department of Education. (2016). K to 12 basic education curriculum: Curriculum guides (May 2016). Department of Education, Republic of the Philippines. https://www.deped.gov.ph DepEd. (2016). K–12 Curriculum Guide: Filipino. Department of Education.
[11] Ellis, R. (2006). Modelling learning difficulty and second-language proficiency: The differential contributions of implicit and explicit knowledge. Applied Linguistics, 27(3), 431–463. https://doi.org/10.1093/applin/aml022
[12] Gonzales, J. Q. (2018). Pag-unlad ng pagsasanay sa gramatikang Filipino: Isang pagsusuri [Master's thesis, Unibersidad ng Pilipinas].
[13] Ilbay, R. M. A. (2020). Kakayahan ng mga guro sa Filipino: Susi sa pagpapayaman ng kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral. Bulacan State University Journal of Education Research, 8(1), 55–70.
[14] Lomibao, L. S., Luna, C. A., & Namoco, R. A. (2016). The influence of mathematical communication on students' mathematics performance and anxiety. American Journal of Educational Research, 4(5), 378–382.
[15] Mariano, J. (2021). Effects of social media exposure on students' grammar proficiency. Journal of Communication and Language Research, 18(3), 101–115.
[16] Martinez, A. (2017). Pag-unlad ng kakayahan sa gramatikang Filipino: Ang papel ng edukasyon. Philippine Journal of Education, 25(2), 75–88.
[17] Orlanda-Ventayen, C. C., & Ventayen, R. J. M. (2017). Role of social media in education: A teachers' perspective. ASEAN Journal of Open and Distance Learning, 9(2), 1–7.
[18] Quiñones, T. F. (2022). A study on the in-depth knowledge of grammar among English major students at the University of Makati: Basis for worktext development. Universitas – The Official Journal of University of Makati, 10(1). https://journals.umak.edu.ph/universitas/article/view/46

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[19] Reyes, L. (2019). Pagtuturo ng gramatikang Filipino: Mga modernong pamamaraan para sa mga guro. Bagong Pananaw sa Wika at Panitikan, 9(1), 35–50.
[20] Santos, M. (2020). Epekto ng pagsasanay sa gramatikang Filipino sa kakayahan ng mga guro. Journal of Filipino Language Education, 10(2), 45–60.
[21] Sinka, I. (2009). Language structure and learners' grammar development: A comparative study. International Journal of Applied Linguistics, 14(2), 59–73.
[22] Sinka, I. C., Motazedian, F., Cocks, A. C. F., & Pitt, K. G. (2009). The effect of processing parameters on pharmaceutical tablet properties. Powder Technology, 189(2), 276–284. https://doi.org/10.1016/j.powtec.2008.04.020
[23] Uibu, K., & Liiver, M. (2015). Students' grammar mistakes and effective teaching strategies.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved